# USAPANG PAMILYA

Small Group Study Guide

## Part 4: Ang mga Anak

### PANIMULA

1. *Kung oobserbahan mo ang maraming mga kakilala mong tatay at nanay, anu-anong bagay ang para sa kanila ay kailangan ng kanilang mga anak? Ano ang ginagawa nila kung iyun-iyon ang kailangan ng kanilang mga anak?*

Kung sa tingin ng mga magulang na ang kailangan ng anak nila ay ang kumain at makapag-aral, magtatrabahong mabuti 'yan (kahit silang dalawa pa) para mabuhay ang kanilang mga anak. Pero dapat nating alalahanin na higit pa sa mga materyal na bagay ang kailangan ng mga bata. Sa Mateo 19:13–15, makikita natin kung ano itong higit na pangangailangan ng mga bata na ang mga magulang naman ang may pangunahing responsibilidad para matugunan ito.

### PAGSASALIKSIK

2. *Basahin ang verse 13. Bakit sa tingin mo dinadala ng mga tao kay Jesus ang mga bata? Ano ang gusto nilang mangyari para sa mga anak nila? Ano ang ipinapakita nito sa pagkakakilala nila kay Jesus?*

3. *Ano ang kaibahan ng ipinakitang ugali ng mga disciples ni Jesus? Ano sa tingin mo ang pumapasok sa isip nila kung bakit nila sinaway ang mga tao at pinagbawalang lumapit kay Jesus ang mga bata?*

4. *Basahin ang verse 14. Ano ang naramdaman ni Jesus nang makita niya ang nangyayari? Ano ang ipinapahiwatig nito sa puso ni Jesus para sa mga bata?*

5. *Iniutos ni Jesus na 'wag hadlangan ang mga bata kundi hayaan silang lumapit kay Jesus. Anu-ano sa tingin mo ang hindi dapat gawin ng mga magulang (at ng church) sa panahon ngayon na maaaring makahadlang sa paglapit ng mga bata kay Jesus?*

6. *Anu-ano namang praktikal na hakbang ang maaaring gawin ng mga magulang (at ng church) upang matulungan ang kanilang anak na lumapit kay Jesus?*

7. *Ano ang binanggit niyang dahilan sa verse 14 kung bakit dapat hayaang lumapit ang mga bata kay Jesus? Anong pagbabago sa kaisipan ng mga magulang ang dapat itama tungkol sa pagtugon sa pinakamalaking pangangailangan ng bata? Tingnan ang kahalagahan ng kaharian ng Diyos sa Mateo 13:44–45 at sa Marcos 8:34–38.*

8. *Basahin ang Marcos 10:15. Paano ginamit ni Jesus na ilustrasyon ang mga bata tungkol sa dapat na damdamin o ugali natin sa pagtanggap sa kaharian ng Diyos? Gaano kahalagang matutunan ito ng lahat ng tao? Ano'ng makikita natin sa mga bata (lalo na sa sanggol) na paglalarawan ng klase ng relasyon na nais ni Jesus na meron tayo sa Diyos?*

9. *Basahin ang Mateo 19:15 [ikumpara rin sa Marcos 10:16]. Nahadlangan ba ng mga tagasunod ni Jesus ang gusto niyang mangyari para sa mga bata? Ano ang ipinapakita nitong dapat na asahan natin kung tayo ay magtitiwala sa Diyos sa pagpapalaki ng mga bata?*

## PAGSASABUHAY

10. *Bilang tugon sa utos ng Panginoong Jesus, ano ang isang kongkretong hakbang na sisimulan mong gawin ngayong linggo para matulungan ang iyong anak (o dinidisipulo, kung wala kang anak) na lumapit kay Jesus?*

## BUOD NG PAG-AARAL

Mahal na mahal ng Panginoong Jesus ang mga bata. Kaya naman nais niyang lahat ng mga magulang ay gawin ang lahat ng magagawa nila para akayin ang bata sa kanya at sa kaharian ng Diyos. Ito ang pinakamainam na bagay na maibibigay ng mga magulang sa kanilang anak. Ang church ay dapat ding nakasuporta sa bawat pamilya para matulungan sila sa pag-akay sa mga bata tungo sa pagsunod kay Jesus.